

**Tala: 1**

Tubal Ligation(includes abstract) Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052384

Abstract: Ang tubal ligation ay isang operasyon para sa babae kung saan isinasara ang kanyang mga fallopian tube. Pinipigilan ng operasyong ito na makaabot ang semilya sa itlog.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog


**Tubal Ligation**

**(Surgical Sterilization; TL; Tubal Sterilization; Sterilization, Tubal; Sterilization, Surgical)**  
ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[\[View English Version\]](#)

**Kahulugan**

Ang tubal ligation ay isang operasyon para sa babae kung saan isinasara ang kanyang mga fallopian tube. Pinipigilan ng operasyong ito na makaabot ang semilya sa itlog.

**Mga Pagpipilian Upang Isara ang mga Tubo**

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

**Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan**

- Fallopian tubes
- Tiyan

**Mga Dahilan para sa Proseso**

Ang tubal ligation ay para sa mga babaeng ayaw magbuntis. Ang operasyong ito ay para sa permanenteng pagtanggali sa kakayahang magkaanak. Ang babaeng sasailalim sa operasyong ito ay maaari pa ding gumawa ng itlog o magkaroon ng regla. Ngunit pinipigilan ng naputol o nabarahang mga tubo na magsalubong ang itlog at semilya. Kapag hindi makapagsalubong ang itlog at semilya, hindi mangyayari ang pertilisasyon at hindi magaganap ang pagbubuntis.

Ang operasyong ito ay hindi inirerekomenda bilang pansamantala o nababaliklad na proseso.

## Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Labis na Katabaan
- Nakaraang operasyon sa tiyan

Kung nagdedesisyon kayo bilang mag-asawa, kausapin ang iyong asawang pag-isipan ang vasectomy . Ang vasectomy, kumpara sa tubal ligation, ay may mas kaunting mga seryosong komplikasyon. Bagaman madalas ang mga mas maliliit na mga komplikasyon.

## Anong Maaasahan

### **Bago ang proseso**

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Talakayin ang iyong dahilan para sa prosesong ito
- Pagsusuri sa pagbubuntis

Sa panahong papalapit ang iyong proseso:

- Sa gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain at huwag kumain o uminom ng anuman paglampas ng hatinggabi.
- Magsuot ng maluluwang na damit.

### **Anesthesia**

- General o local anesthesia
- General o spinal anesthesia para sa laparotomy

### **Paglalarawan sa Proseso**

Mayroong dalawang pangunahing mga paraan ng tubal ligation, at isang hindi kasing-karaniwang paraan.

### **Laparoscopic Tubal Ligation**

Mag-iiniksiyon ang doktor ng hindi nakapipinsalang gas sa iyong tiyan. Palolobohin ng gas ang kalooban ng tiyan. Pinapadali nitong makita ang mga panloob na organ. Pagkatapos ay gagawa ang doktor ng maliit na hiwa malapit sa iyong pusod . Magpapasok siya ng isang mahaba, manipis na kagamitan (tinatawag na laparoscope) na naglalaman ng maliit na salamin at sistemang pang-ilaw. Pinapalaki at iniilawan ng kagamitan ang mga bahagi sa loob ng ibabang bahagi ng iyong tiyan. Maaaring gumawa siya ng pangalawang hiwa malapit sa itaas ng buhok ng ari upang magpasok ng kagamitang ipanghahawak sa mga fallopian tube. Isinasara ang mga tubo sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

- Pagtali at pagputol (ligation)
- Pagseselyo sa pamamagitan ng paggawa ng peklat
- Pagtanggap sa maliit na piraso ng tubo
- Paglalagay ng plastic na mga bigkis o mga pang-ipit na may muwelye

Pagkatapos ay tinatanggal ang mga kagamitan at isinasara ang bukasang gamit ang mga tahi. Ang operasyon ay maaaring isagawa sa mga klinikang nag-oopera sa mga pasyenteng hindi naoospital. Mayroong napakakaunting pagpepeklat. Maaari kang umuwi sa araw ding iyon. Maaari kang makipagtalik sa oras na kumportable na ang iyong pakiramdam. Nangyayari ang pinsala sa bituka o pagdurugo sa loob ng tiyan sa lima sa 1,000 na mga kaso. Maaaring kailanganin ang malaking operasyon upang ayusin ito.

## Mini-Laparotomy Tubal Ligation


Para sa prosesong ito, walang gas o laparoscope. Karaniwan itong ginagawa kaagad pagkatapos manganak. Gagawa ang doktor ng maliit na hiwa malapit sa itaas ng buhok ng ari, o kung ginagawa sa loob ng 48 oras pagkatapos manganak, sa ibaba ng pusod. Gagamit ang doktor ng isang maliit na kagamitan upang itali, ipitin, o selyuhang pasara ang mga tubo. Dapat kang gumaling sa ilang araw. Sasabihin sa iyo ng iyong doktor kung kailan ka maaaring muling makipagtalik.

Iba pang mga therapy na operasyon:

## Laparotomy

Ito ay isang malaking operasyon. Mas madalang itong gamitin kaysa mini-laparotomy at laparoscopy. Gagawa ang siruhista ng 2-5-pulgadang hiwa sa iyong tiyan. Sasarhan niya ang mga tubo. Maaaring kailanganin mong manatili sa ospital nang mga 2-4 na araw. Maaaring magtagal nang ilang linggo sa bahay upang lubusang gumaling. Kung ginagawa ang proseso kaagad pagkatapos manganak, maaaring magtagal ang iyong pananatili sa ospital nang isa o dalawa pang araw. Kung kailan maaaring muling makipagtalik ay depende sa antas ng iyong paggaling.

## Bukas na Tubal Ligation



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

## Pagkatapos ng Proseso

Magpahinga sa kuwarto kung saan magpapagaling nang mga isang oras kapag local anesthesia, malamang mas matagal kung ibinigay ang general anesthesia.

## Gaano Katagal Ito?

20-30 na minuto

## Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang pananakit habang inooperahan. Depende kung aling uri ng operasyon ang ginawa sa iyo, maaaring magkaroon ka ng ilang pananakit habang nagpapagaling. Bibigyan ka ng iyong doktor ng gamot sa pananakit upang maibsan ang kawalan ng ginhawa.

Maaaring maramdaman mo ang pamamaga o magkaroon ng pananakit sa balikat o dibdib. Ito ay dahil sa gas sa tiyan, na maaaring magtagal nang hanggang tatlong araw. Subuking maglakad, gumamit ng pampainit na almohadon, o maligo ng maligamgam na tubig upang bawasan ang kawalan ng ginhawa.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

Ang mga komplikasyon ay maaaring lumitaw sa 1%-4% ng mga sterilization na ginawa sa pamamagitan ng tiyan, at sa 2%-13% sa mga sterilization na ginawa sa pamamagitan ng puwerta. Bihirang-bihira ang pagkamatay dahil sa tubal sterilization. Kasama sa mga posibleng komplikasyon ang:

- Impeksiyon
- Pagdurugo
- Mga problemang kaugnay sa anesthesia
- Pinsala sa bituka o pantog
- Pagbubuntis kaugnay sa pagkabigo ng operasyon o pagdurugtong muli ng mga fallopian tube (nangyayari sa isa sa 400 na babae)—kung mangyari ang pagbubuntis, may tumaas na panganib sa ectopic na pagbubuntis .

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

Wala

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Maaari mong tanggalin ang mga benda sa operasyon sa umaga pagkatapos ng operasyon at ang mga maliliit na piraso ng papel pagkatapos ng 2-3 araw.
- Huwag magmaneho o uminom ng alak nang 24 oras.
- Huwag magbubuhay ng anumang mabigat o gumawa ng mabigat na trabaho nang di-kukulangin sa isang linggo.
- Kung ikaw ay naduduwal, subuking kumain ng tsaang tostadong tinapay, o mga biskuwit.
- Iwasan ang pakikipagtalik nang di-kukulangin sa isang linggo, o hangga't inirekomenda ito ng iyong doktor.

### Resulta

Dapat maaari ka nang makabalik sa trabaho sa loob ng isang linggo. Babalik ang iyong panahon ng pagreregla sa loob ng mga 4-6 na linggo. Ang mga antas ng tagumpay ng sterilization ay mas mataas kaysa 99% sa unang taon. [Ang mga tubo ay maaaring magdugtong muli sa kalaunan, na nagpapataas sa panganib sa pagbubuntis.](#) .

### Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

Pagkagaling sa ospital, tawagan ang inyong doktor kung magkakaroon ng alinman sa mga sumusunod:

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana sa hiwa o sugat
- Malubha at tuloy-tuloy na pananakit ng tiyan
- Ubo , kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, o malubhang pagduduwal o pagsusuka
- Pagkahimatay o pagkahilo
- Pagduduwal at pagsusukang nagtatagal nang higit sa isang araw
- Malakas na pagdurugo sa puwerta pagkatapos ng unang araw
- Hindi pagdating ng mga panahon ng pagreregla

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for

professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008  
**Numero ng Item:** 2010052384